



GABAY NG MAY-ARI NG BAHAY

PARA SA

- BAHA
- DEBRIS
- PAGKONTROL SA EROSYON

PAHAYAG NG MISYON



Ang aming misyon ay ang magbigay ng impormasyon tungkol sa pagprotekta sa ari-arian mo mula sa potensyal na magastos na pinsalang dulot ng baha sa pamamagitan ng paglalagay ng mga device at pagsasagawa ng mga hakbang, na mas murang ilagay at panatilihin kaysa sa pagbangon mula sa pinsalang dulot ng baha sa ari-arian mo.

TULONG PARA SA MGA MAY KAPANSANAN

Dapat ipadala ang mga tanong o alalahanin kaugnay sa impormasyong nakapaloob sa Gabay na ito, o pag-access sa anumang programa o pasilidad ng Public Works sa Coordinator ng Departamento ng A.D.A. (Americans with Disability Act) sa:



(626) 458-4081 sa oras ng trabaho

Maaari ka ring humingi ng tulong sa pamamagitan ng pagtawag sa mga toll-free na numero ng *CALIFORNIA RELAY SERVICE* na:

Boses: 1-800-735-2922

TDD: 1-800-735-2929

O, maaari mong tawagan ang TDD na Numero ng Public Works na:

(626) 282-7829 sa oras ng trabaho.

TULONG PARA SA MGA TAONG NAGSASALITA NG ESPANYOL (CONSEJOS EN ESPAÑOL)



Si necesita consejos en español con relación al control de inundaciones, escombros y erosión, favor de llamar al Condado de Los Angeles, Departamento de Obras Publicas al **(626) 458-4321**

PAALALA



Maaaring hindi naaangkop ang Gabay na ito sa mga problema sa drainage sa mga lugar sa labas ng County ng Los Angeles. Kung nasa labas ng County, ipinapayo sa iyo na makipag-ugnayan ka sa lokal na tanggapan ng inyong pamahalaan para sa karagdagang tulong.

Talaan ng mga Nilalaman

LISTAHAN NG MGA LARAWAN	4
PANIMULA.....	5
I. ANG MGA ISYU	
A. Mga Tubig-Baha	6
B. Mga Daloy ng Debris	6
C. Erosyon	7
II. PANG-EMERHENSIYANG PROTEKSYON NG BAHAY	
A. Mga Pangkalahatang Panuntunan.....	10
B. Insurance para sa Baha.....	11
C. Mga Pantulong sa Pagkontrol ng Debris.....	12
D. Mga Sako ng Buhangin	13
E. Pagkontrol sa Pagpasok ng Tubig.....	19
F. Mga Kagamitang Panglihis at Proteksyon ng Gusali.....	21
G. Mga Engineered at Kongkretong Blokeng Pader	27
H. Mga K-Rail	28
III. IBA PANG MGA HAKBANG SA PROTEKSYON NG ARI-ARIAN	
A. Mga Pangkalahatang Alituntunin sa Ari-arian	29
B. Mga Hint sa Drainage ng Ari-arian para sa mga May-ari ng Bahay	33
C. Mga Slope (Bench) Drain.....	35
D. Likas na Erosyon sa Daanan ng Tubig	36
E. Mga Panuntunan sa Pagtatanim	38
F. Pagpili ng Halaman.....	43
G. Mga Karagdangang Mapagkukunan para sa Pagtatanim	45
IV. BUOD.....	46
V. TALAAN NG MGA TERMINOLOHIYA.....	47
VI. KARAGDAGANG IMPORMASYON AT MGA KONTAK.....	49

Listahan ng mga Larawan

Larawan 1	Mga Bahay na Walang Proteksyon	8
Larawan 2	Mga Bahay na Protektado mula sa Malaking Pinsala.....	9
Larawan 3	Mga Karaniwang Materyales	12
Larawan 4	Paglalagay ng Sako ng Buhangin	13
Larawan 5	Pagtatambak ng Sako ng Buhangin sa Tabi ng mga Gusali.....	15
Larawan 6	Pagtatambak ng Sako ng Buhangin nang Pa-piramide	15
Larawan 7	Pagdirekta ng Debris Palayo sa mga Gusali.....	16
Larawan 8	Pagpigil sa Debris o Daloy ng Tubig ng Bagyo sa mga Kalye.....	16
Larawan 9	Pagdirekta sa Daloy sa Pagitan ng mga Gusali.....	17
Larawan 10	Proteksyon ng Gusali	17
Larawan 11	Pagselyo sa Sliding Glass Door	18
Larawan 12	Pagselyo ng Pinto	19
Larawan 13	Nailulubog na Sump Pump.....	20
Larawan 14	Karaniwang Proteksyon sa Pinto at Bintana.....	22
Larawan 15	Paggamit ng Proteksyon sa Bintana at Pinto.....	22
Larawan 16	Karaniwang Paglalagay ng Kahoy	23
Larawan 17	Harang na Plywood at Tubo para sa Pagpapalihis ng Daloy	24
Larawan 18	Kahoy na Pampalihis.....	25
Larawan 19	Harang na Poste ng Telepono o Tali ng Riles.....	25
Larawan 20	Natatanggal na Harang sa Driveway (Solong Poste).....	26
Larawan 20a	Natatanggal na Harang sa Driveway (Dobleng Poste).....	26
Larawan 21	Pagsasara ng K-Rail Driveway.....	28
Larawan 22	Pagkontrol ng Erosyon	32
Larawan 23	Drainage ng Ari-arian	33
Larawan 24	Slope (Bench) Drain.....	35
Larawan 25	Hindi Kinokontrol na Halaman	42
Larawan 26	Mga Bahay na Protektado mula sa Sunog sa pamamagitan ng Pagbabawas sa Panganib ng Sunog Alinsunod sa mga Lokal na Pamantayan sa Sunog.....	42

Panimula

Pana-panahong nakararanas ang Los Angeles Basin ng mapaminsalang pagbaha na nagreresulta sa malaking pinsala sa ari-arian. Pinatitindi ang ganitong pinsala ng mga agos ng debris na resulta ng pagkasira ng watershed dahil sa malalaking brush fire.

Inihanda ng Public Works ang publikasyong ito upang magbigay ng impormasyon tungkol sa mga device at hakbang upang maprotektahan ang iyong ari-arian, na mas mura ang paglalagay at pagpapanatili kaysa sa pagbangon mula sa pinsalang dulot ng baha sa ari-arian mo.

Nagbibigay-diin ang sumusunod na talakayan sa mga hakbang upang mabawasan ang mga isyung may partikular na kahalagahan sa lumalaking bilang ng mga residente sa mga lugar sa gilid ng mga burol. Maaaring isagawa ang mga pansamantalang hakbang na ito ng mga indibidwal na may-ari ng bahay o ng kanilang mga inupahang propesyonal. Bagama't inilaan ang impormasyon upang makabuo ng mga hakbang para mabawasan ang banta ng pinsala dahil sa baha, walang garantiya na mapipigilan nito ang lahat ng pagkasira o pinsala.

Kapag dumating ang panahon ng bagyo (Oktubre hanggang Abril), nagkakaroon ng pagbaha at pagdaloy ng debris, na nagpapahirap sa pagsasagawa ng mga gawaing pang-emerhensiya. Kaya naman, ipinapayo ko sa iyo na simulan mo agad ang paghahanda mo para sa panahon ng tag-ulan.

MARK PESTRELLA
Direktor ng Public Works



I. ANG MGA ISYU

A. MGA TUBIG-BAHA

Ang pinakakaraniwang problema sa drainage sa isang komunidad ay ang **tubig-baha**. Ang pangyayaring ito ay ang simpleng pagdaan ng tubig-ulan sa mga lugar na karaniwang hindi naaapektuhan ng maliliit na bagyo. Tandaan na ang tubig-baha ay:

BINUBUO	ng maraming tubig, kadalasang mabilis na umaagos, napakagulo at malabo dahil sa pinong latak at iba pang lupa.
NANGYAYARI	sa mga katamtaman hanggang malalaking bagyo at maaaring umabot sa mga lalim na mas mataas kaysa sa tangkad mo.
BINABAHA	ang malalaking lugar at naaapektuhan ang anumang gusali, sasakyan o kagamitan sa kanilang dinaraan.

TANDAAN

Para sa mga layunin ng publikasyong ito, ang ponding o lokal na drainage sa paligid ng mga gusali sa panahon ng maliliit hanggang katamtamang bagyo ay hindi itinuturing na “tubig-baha.”

B. MGA DALOY NG DEBRIS

Ang isa pang kasingpanganib na isyu, kadalasan sa mga burol o bulubunduking lugar, ay ang mga daloy ng debris. Tandaan na ang **mga daloy ng debris ay**:


BINUBUO	ng maraming lupa, bato, malalaking bato, puno, o palumpong na inaanod ng tubig-baha.
---------	--

NANGYAYARI	kapag umaagos ang tubig-baha sa mga gilid ng burol at mga natural na lugar ng sapa at pinakamalala sa mga lugar na napinsala ng kamakailang sunog o pagpapantay ng lupa.
AY	lubos na mapanira at nag-iiwan ng maraming latak at mga bato sa kanilang mga dinaraan tuwing may bagyo.
NAGLALAMAN	ng sapat na lakas upang sirain ang mga bagay na nasa kanilang landas.
MAAARING	ilihis upang mabawasan ang pinsala sa ari-arian (<i>Larawan 2, pahina 9</i>).


C. EROSYON

Ang kadalasang karagdagang isyu ng tubig-baha o bagyo na dumadaloy sa lupa ay **erosyon**. Ang resulta ng erosyon ay kadalasang matatarik na pampang ng kinudkod na lupa o iba pang materyales sa lupa. Tandaan na ang erosyon ay:

NAGAGANAP	kadalasan kapag bumubuhos ang ulan at mabilis na umaagos ang tubig sa maluwag na lupa o mga kalbong slope.
BINUBUO	pangunahin na ng lupang kinakain ng ulan at agos ng tubig sa dami na mas kaunti kaysa sa daloy ng debris, ngunit maaari pa ring magdulot ng pinsala.
HINDI MAAARING	mabawasan o makontrol habang nangyayari ito, at kadalasang hindi nakikita hangga't hindi humupa ang tubig-baha.
MAAARING	lubhang magpahina sa mga gusali, na humahantong sa malalaking pagkasira at panganib sa mga nakatira at mga kapitbahay.



Larawan 1 - Mga Bahay na Walang Proteksyon



Larawan 2 - Mga Bahay na Protektado mula sa Malaking Pinsala

II. PANG-EMERHENSIYANG PROTEKSYON NG BAHAY

A. MGA PANGKALAHATANG PANUNTUNAN

Inilarawan sa nakaraang seksyon ang iba't ibang isyung maaaring makaharap mo sa panahon ng tag-ulan. Nasa ibaba ang ilang pangkalahatang tuntunin na dapat sundin sa karamihan ng mga kaso na may kinalaman sa tubig-baha, pag-agos ng debris, at erosyon.

- **HUWAG KAILANMAN** maliitin ang lakas ng daloy ng debris.
- **SUBUKANG** idirekta ang daloy ng mga kalat palayo sa mga istruktura.
- **IWASAN** ang pagtatangkang kontrolin o limitahan ang mga daloy nang higit sa talagang kinakailangan.
- **LINISIN** ang daanan para sa debris.
- **GAMITIN** ang bahay o gusali mo bilang panglihis, kung kinakailangan. (*Larawan 5, pahina 15*).
- **LAGING** maglagay ng proteksyon upang mailihis ang debris, hindi upang pigilan o hadlangan ito.
- **Ang DEBRIS** ay madalas na pumapasok sa isang gusali sa pamamagitan ng mga bintana - takpan ang mga ito ng tabla.
- **TANDAAN** na protektahan muna ang iyong pamilya at tahanan.
- **PAGKATAPOS** ay isaalang-alang kung anong oras at pera ang magagamit sa pagprotekta sa iba pang mga bagay na hindi gaanong mahalaga tulad ng mga swimming pool o pagpapaganda ng hardin.
- **SUBUKAN** na maglagay ng mas permanenteng mga panlaban (*Mga Larawan 19-20a, pahina 25-26*) upang maprotektahan ang iyong tahanan. Sa pangkalahatan, ang problema ng pagdaloy ng debris ay iiral nang ilang taon pagkatapos ng pagkasunog. Karaniwang tumatagal lamang ng isang taon ang mga sako ng buhangin.
- **LAGING** makipagtulungan sa mga katabi na apektadong may-ari ng ari-arian.
- **MAGING** handang isakripisyo ang paggamit ng mga bahagi ng iyong ari-arian para makamit ang pinakamalaking proteksyon.
- **IWASAN** ang pagbabago sa mga pattern ng drainage na maaaring magpalala sa mga kondisyon para sa iyong kapwa.

B. INSURANCE PARA SA BAHA

Ang insurance para sa baha sa pamamagitan ng Programang Pambansang Insurance para sa Baha ay makukuha sa mga lugar ng hindi sakop mg lugar ng County ng Los Angeles at sa mga kalahok na lungsod sa loob ng County ng Los Angeles. Para malaman kung nasa isang lugar na itinalaga ng pederal na pamahalaan ang iyong ari-arian para sa panganib ng baha, maaari mong bisitahin ang aming website para sa Pagtukoy ng Lugar na Bahain na: www.dpw.lacounty.gov/floodzone, o tawagan kami sa **(626) 458-4321**. Kung nakatira ka sa isang lungsod, mangyaring makipag-ugnayan ka sa iyong lungsod.

Kung mayroon kang mga alalahanin na maaaring magdulot ang pagbaha ng pinsala sa iyong tahanan, lubos naming inirerekomenda na makipag-ugnayan ka sa broker ng iyong insurance kaugnay sa insurance para sa baha. Kung hindi pamilyar ang broker mo sa insurance para sa baha, makakakuha siya ng impormasyon sa pamamagitan ng pagbisita sa website ng Federal Emergency Management Agency (FEMA) na: www.floodsmart.gov, o sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa FEMA sa sumusunod na toll-free na numero: **1-800-621-FEMA**.

Tandaan, available ang insurance para sa baha sa mga lumalahok na komunidad, kahit na wala ang iyong ari-arian sa isang lugar na may panganib ng baha na kinilala ng Pamahalaang Pederal, ng iyong County, ng lungsod, o ng subdivider ng iyong ari-arian.

Pakitandaan, maaaring may **30-araw na panahon ng paghihintay** pagkatapos na maibigay ang polisiya bago maging epektibo ang saklaw. Mangyaring kumonsulta sa ahente ng insurance mo o sa FEMA para sa impormasyon kaugnay sa mga eksepsyon sa panahong ito ng paghihintay.

C. MGA PANTULONG SA PAGKONTROL NG KALAT

AY	hindi mahal kung ikukumpara sa proteksyong matanggap, at sa halaga ng pagbawi mula sa pinsala sa iyong tahanan.
MAAARING	kadalasang inilalagay kasama ng mga kagamitang pagmamay-ari o madaling ma-access ng mga propesyonal na kontratista.
BINUBUO	ng mga materyales na madaling makuha ng mga may-ari ng bahay o mga propesyonal na kontratista.




Larawan 3 - Karaniwang mga Materyales

D. MGA SAKO NG BUHANGIN

Ang mga sako ng buhangin, kapag napunan at nailagay nang maayos, ay maglilihis ng agos ng tubig ng bagyo at debris palayo sa mga gusali at iba pang mahalalagang bagay sa iyong ari-arian.

PAGPUPUNO

1. Punuin ang mga sako ng buhangin nang kalahati. Mas mainam ang buhangin, kung madaling makukuha; gayunpaman, maaaring gamitin ang anumang regular na malinis na lupa.
2. Para sa mas matibay na sako na may mas mahabang buhay, paghaluin ang 10 bahagi ng buhangin o lupa sa 1 bahagi ng semento. Maaaring haluin ang mga materyales at ilagay nang tuyo. Kapag nailagay na ang lahat ng mga sako, inirerekomenda ang kaunting pagwiwisik ng tubig. Ang pamamaraang ito ay epektibo lamang para sa mga sako ng buhangin na gawa sa burlap at hindi gagana sa mga plastik na sako ng buhangin. Ang pagtatapon ng mga nagamit nang supot ng semento ng lupa, lalo na kung marami ka nito, ay maaaring napakamahal. Kumonsulta sa mga kumpanya ng paghakot ng basura kaugnay sa pagkakaroon ng serbisyo sa inyong lugar at sa kanilang mga singil bago gamitin ang pamamaraang ito.



Larawan 4 - Paglalagay ng Sakong may Buhangin

PAGLALAGAY

Itiklop pababa ang itaas na bahagi ng sako ng buhangin at ipatong ang sako sa nakatiklop na itaas na bahagi nito (*Larawan 4, pahina 13*).

Mahalagang ilagay ang mga sako na nakaharap ang nakatuping itaas na bahagi sa **direksyon ng agos o paakyat** upang maiwasan ang pagbukas ng mga sako kapag dumadaloy ang tubig sa mga ito.

Dapat mag-ingat sa pagsasalansan ng mga sako ng buhangin alinsunod sa mga ilustrasyon. Ilagay ang bawat sako ng buhangin gaya ng ipinapakita, kumpletuhin ang bawat patong bago simulan ang susunod na patong. Limitahan ang paglalagay sa dalawang patong maliban na lang kung ginagamit ang isang gusali bilang sangga o nakasalansan nang parang piramide ang mga sako ng buhangin (*Mga Larawan 5-11, pahina 15-18*).

Makipagtulungan sa iyong (mga) kapitbahay upang mas epektibong makatugon sa problema sa daloy ng tubig ang inyong pinagsamang pagsisikap.


MGA LIMITASYON

1. Hindi sapat ang mga sako ng buhangin upang ganap na mahadlangan ang pagpasok ng tubig (*Tingnan ang seksyon E - Mga Hakbang Laban sa Pagpasok ng Tubig, mga pahina 19-20*).
2. Ang mga sakong burlap na pinuno ng buhangin at lupa ay nasisira kapag nalalantad sa tuloy-tuloy na sikat ng araw, pagkabasa, at pagkatuyo sa loob ng ilang buwan. Kung masyadong maaga ang paglalagay ng mga sako, maaaring hindi ito maging epektibo kapag kinakailangan na.
3. Ang mga sako ng buhangin ay para sa proteksyon laban sa mababang agos (hanggang 2 talampakan). Ang proteksyon mula sa mas matataas na agos ay nangangailangan ng mas permanenteng uri ng istruktura.
4. Ang mga sako ng buhangin ay dapat gamitin sa paglihis ng mga agos, hindi upang bumuo ng mga dam.




BABALA


Huwag gumamit ng dayami o mga bale ng dayami kapalit ng mga sako ng buhangin. Hindi kasinghusay ang mga ito ng mga sako ng buhangin at maaaring maanod.




Larawan 5 - Pagtambak ng Sakong may Buhangin Laban sa mga Gusali




Larawan 6 - Pagtambak ng Sakong may Buhangin na Piramide




Larawan 7 - Paglihis ng Kalat Palayo sa mga Gusali




Larawan 8 - Pagpigil sa Kalat o Daloy ng Tubig ng Bagyo sa mga Kalye



Larawan 9 - Pagdirekta sa Daloy sa Pagitan ng mga Gusali



Larawan 10 - Proteksyon ng Gusali



Larawan 11 - Pagtatakip ng Sliding na Salamin na Pinto
(Pagkontrol sa daloy upang maiwasan ang pagtagas sa paligid ng mga sliding na salamin na pinto.)

E. PAGKONTROL SA PAGPASOK NG TUBIG

PAGSELYO NG PINTO/SLIDING NA SALAMIN NA PINTO


Upang maiwasan ang pagtagas ng tubig sa paligid ng pinto o sliding na salamin na pinto, dapat maglagay ng plastik na sapin (2 hanggang 3 mil ang kapal) sa pagitan ng pinto at ng mga sako ng buhangin o sa pagitan ng pinto at ng harang na plywood (Mga Larawan 11-12, pahina 18-19). Dahil sa puwersa ng presyon ng tubig, hindi inirekomenda ang pamamaraang ito para sa mga antas ng tubig na higit sa 2 talampakan.



Larawan 12 - Selyo ng Pinto

MGA NAILULUBOG NA SUMP PUMP

Sa mga pagkakataong umapaw ang tubig sa silong, garahe, o anumang mababang lugar, inirerekomenda ang paggamit ng nailulubog na sump pump. Kung ang pagbaha ay isang paulit-ulit na problema, dapat maglagay ng permanenteng pump sa isang sump na may floatation device para sa awtomatikong pag-on/off (Larawan 13, sa ibaba).



Larawan 13 - Nailulubog na Sump Pump


TANDAAN

Ang paglalagay ng sump pump ay maaaring mangailangan ng mga permit. Sumangguni sa iyong lokal na opisyal sa kaligtasan at gusali (lokal na Tanggapan para sa Kaligtasan at Gusali ng County para sa mga hindi nakasali na lugar).


F. MGA KAGAMITANG PANGLIHIS AT PROTEKSYON NG GUSALI

PROTEKSYON SA PINTO AT BINTANA

MAGLAGAY	ng proteksyon laban sa mga kalat na pumapasok sa paligid ng mga pintuan at bintana sa pamamagitan ng paggamit ng mga tabla o plywood (<i>Mga Larawan 14-15, pahina 22</i>).
TAKPAN	ang mga pinto at bintana nang lubusan gamit ang plywood, kung apektado ng panganib, at gumamit ng alternatibong pasukan.
GAMITIN	ang mababang uri ng plywood (minimum ang 5/8 pulgada na kapal) upang tumabon sa mga bintana, bentilasyon, at pinto nang 3 hanggang 4 na pulgada sa lahat ng panig.
IPIRMI	ang bawat piraso ng plywood gamit ang mga pako, turnilyo o bolt; maaari ding gamitin ang mga istaka at tabla sa pagkabit ng mga harang sa lugar. Bilang alternatibo, maaaring gamitin ang mga nakatayong tubo sa magkabilang gilid ng pinto upang maikabit ang isang naaalal na harang (<i>Larawan 14, pahina 22</i>).
ANG MGA MATERYALES	ay maaaring baklasin pagkatapos ng panahon ng bagyo at iimbak taun-taon. Siguraduhing lagyan ng label ang iyong mga materyales (kahoy, tubo, turnilyo/bolta), para madali mong maitugma ang mga materyales na gagamitin para sa partikular na bintana o pinto.




Larawan 14 - Proteksyon sa Pinto at Bintana




Larawan 15 - Paggamit ng Proteksyon sa Bintana at Pinto

MGA PANGLIHIS AT HARANG NG KALAT

GAMITIN	ang mababang uri ng tabla at sapawan ang seksyon na nakaharap sa agos pababa ang nakausling dulo (Larawan 17-18, pahina 24-25).
ITARAK	ang mga tulos sa hindi bababa sa kalahati ng kanilang haba upang matiyak ang wastong pagka-angkla (Larawan 16, sa ibaba).
ILAGAY	mga panglihis sa matigas at patag na lupa kung maaari upang mabawasan ang panganib ng pagkaputol sa ilalim.
HUWAG	tangkain ang paggamit ng tabla bilang dam.
Ang LUPA	na mahigpit na mailagay sa likod ng panglihis ay magbibigay ng kinakailangang karagdagang lakas (Larawan 18, pahina 25).
ILAGAY	ang mga sako ng buhangin pasalungat sa bahay kung mas higit sa 3 talampakan ang kinakailangang panglihis ng kalat (Larawan 5, pahina 15).



Larawan 16 - Karaniwang Paglalagay ng Kahoy




Larawan 17 - Harang na Plywood at Tubo para sa Pagpapalihis ng Daloy


BABALA




Bago magsagawa ng anumang paghuhukay, pagbabarena, o pagtatayo ng poste, hanapin ang mga lateral ng iyong imburnal at mga linya ng irigasyon, at tawagan ang **Dig Alert (i-dial ang 811, o pumunta sa: www.digalert.org)** nang hindi bababa sa 2-3 araw na may trabaho bago ang iskedyul upang matukoy ang mga pasilidad sa ilalim ng lupa (gas, kuryente, tubig, atbp.)




Larawan 18 - Kahoy na Pampalihis



Larawan 19 - Harang na Poste ng Telepono o Railroad Tie



Larawan 20 - Natatanggal na Harang sa Daanan (Solong Poste)



Larawan 20a - Natatanggal na Harang sa Daanan (Dobleng Poste)

G. MGA ENGINEERED AT KONGKRETONG BLOKENG PADER

Ang mga pader na gawa sa bloke ng kongkreto na idinisenyo at itinayo upang makayanan ang mga bigat na dulot ng tubig at mga kalat ay mahusay para sa proteksyon at tibay. Sa maraming pagkakataon, ang mga naturang pader ay maaaring iakma upang maging bahagi ng landscaping. Ang mga pader na ito sa pangkalahatan ay mahal at dapat ituring na mga permanenteng instalasyon. Inirerekomenda ang pagkuha ng isang lisensyadong inhinyero na didisenyo sa mga naturang pader. Gayunpaman, hindi lahat ng pader na gawa sa bloke ay idinisenyo ng inhinyero. Kumonsulta sa isang lisensyadong inhinyero upang matukoy kung ang isang umiiral na pader na gawa sa bloke ay dinisenyo ng inihinyero at angkop na gamitin na proteksyon sa mga kalat.

BABALA




Huwag umasa sa mga pader na hindi dinisenyo ng inhinyero para sa proteksyon.

Bago magsagawa ng anumang paghuhukay, pagbabarena, o pagtatayo ng poste, hanapin ang mga lateral ng iyong imburnal at mga linya ng irigasyon, at tawagan ang **Dig Alert (i-dial ang 811, o pumunta sa: www.digalert.org)** nang hindi bababa sa 2-3 araw na may trabaho bago ang iskedyul upang matukoy ang mga pasilidad sa ilalim ng lupa (gas, kuryente, tubig, atbp.)

H. MGA K-RAIL

Kung maglalagay ang lokal na ahensya ng mga k-rail sa mga daanan sa kalye (maaari itong mangyari kapag nakaranas ng sunog sa kagubatan ang watershed), mag-iwan ang mga ito ng mga puwang upang mapanatiling magamit ang mga daanan. Responsibilidad ng may-ari ng bahay na isara ang mga siwang na iyon. (Larawan 21, sa ibaba)



Larawan 21 - Pagsasara ng K-Rail Driveway

III. IBA PANG MGA HAKBANG SA PROTEKSYON NG ARI-ARIAN

Ang mga sumusunod na hakbang ay mga mungkahi lamang, **at dapat talakayin sa at ilagay ng mga propesyonal na may lisensya mula sa estado** upang maiwasan ang pagkalikha ng mga karagdagang problema sa iyong ari-arian at sa mga ari-arian ng iyong mga kapitbahay.

A. MGA PANGKALAHATANG ALITUNTUNIN SA ARI-ARIAN

1. PAGKONTROL SA TUBIG NA PUMAPASOK SA ARI-ARIAN

Gamit ang asarol o pala, maghukay ng maliliit na pansamantalang kanal (karaniwang 6-8 pulgada ang lalim at 12-16 pulgada ang lapad) sa itaas ng mga istruktura at iba pang mahahalagang bahagi (mga tangke, solar collector, atbp.) upang mailihis ang mga daloy palayo sa mga ito. Huwag ganap na patagin ang mga kanal upang dumaloy ang tubig sa mga kanal, ngunit sa mabagal na paraan. Kailangan ang paggalaw upang maiwasan ang pagkatipon ng tubig-ulan. Ang mga sako ng buhangin, na nakasalansan nang hindi hihigit sa dalawang patong ang taas, ay maaaring ilagay sa tabi ng mga kanal upang tumulong sa pagpapatuyo ng mga ito. Siguraduhing dumadaloy ang mga kanal patungo sa isang natural na daluyan ng tubig, sa kalsada, o patungo sa isang lugar na maraming halaman (*Larawan 22, pahina 32*). TANDAAN: Siguraduhing hindi magtipon ang mga kanal ng tubig o lumala ang mga kasalukuyang kondisyon ng paagusan patungo sa mga ari-arian ng iyong mga kapitbahay. **Ang layunin ng mga kanal ay upang idirekta ang mga daloy palayo sa iyong mga istruktura at mga tampok nang hindi naapektuhan ang iyong mga kapitbahay.**

2. PAGKONTROL NG AGOS SA MGA DALISDIS AT PAGPAPATIBAY NG MGA DALISDIS

Maghukay ng parehong uri ng maliit na kanal sa tuktok ng bawat matarik na dalisdis, **basta't hindi hihigit sa 30 talampakan ang taas ng tuktok ng dalisdis, at nasa loob ng hangganan ng iyong ari-arian.** Huwag hayaang mag-ipon ang maraming tubig sa iisang ruta lamang. Kung ginagamit ang mga kanal sa hindi matatag na lupa, ang kanal ay dapat taniman ng mga pangmatagalang damo na hindi nagsasalakay at pinahihintulutan ng mga lokal na pamantayan sa sunog (*pahina 43*).

Sa mga lupang madaling gumuho, nasa ibaba ang mga karagdagang hakbang na maaaring ipatupad (*Larawan 22, pahina 32*):

1. Plastik na Pambalot:
Maaaring magresulta sa 100% pag-agos at lumikha ng karagdagang mga isyu sa pag-agos at erosyon sa ilalim ng nababalutang lugar. **Ang plastik na pambalot ay dapat gamitin lamang para sa panandalian, pansamantalang proteksyon (sapat upang malampasan ang isang nalalapit na bagyo), at sa maliliit na lugar lamang.** Ang mga sheet na ito (minimum ang kapal na 6 mil) ay dapat na nakasuksok sa tuktok ng dalisdis, magkakapatong (12 hanggang 24 pulgada) na parang mga shingle, matibay na nakatali o may pabigat (na may mga pabigat na hindi hihigit sa 10 talampakan ang pagitan), at ang mga gilid ay dapat na nakabaon nang hindi bababa sa 6 na pulgada sa lupa. Sa ganitong paraan, hindi makakarating sa lupa ang karamihan ng tubig at ang pambalot ay nananatili sa lugar. Sa lalong madaling panahon, palitan ang pambalot ng mulch, fiber mesh o mga terrace.
2. Mulch:
Ginagamit ang mulch na gawa sa mga tipak ng balat ng kahoy o mga tipak ng kahoy upang mabawasan ang erosyon dahil sa patak ng ulan sa tigang na lupa at kompetisyon mula sa mga mapanalakay na halaman. Maaari itong gamitin kasabay ng mga pagsisikap na muling pagtatanim, o gamitin upang mabigyang-daan ang natural na muling paglaki ng seed bed sa lupa. Kalaunan ay mabubulok ang mulch, na nagdaragdag ng mahalagang organikong nilalaman sa tigang na lupa. **Ang mulch ay dapat gamitin lamang sa mga dalisdis na may katarikan na mas mababa sa 33% (1 talampakang patayo sa bawat 3 talampakang pahalang).** Ikalat ang mga tipak sa ibabaw ng tigang na lupa, haluin ang mga ito sa itaas ng ilang pulgada ng lupa, at maglagay ng pantakip sa mga tipak (1 pulgada o mas mababa ang lalim) ayon sa ipinahihwatig ng dalisdis at kondisyon ng lupa.
3. Hibrang Lambat na Burlap, Jute o Niyog:
Ang mga materyales na ito ay idinisenyo upang gamitin kasabay ng pagtatanim ng permanenteng halaman o sa paligid ng mga umiiral nang halaman, **at sa mga dalisdis na may tarik na mas mababa sa 50% (1 talampakan patayo sa bawat 2 talampakan pahalang).** Ang lambat ay dapat na sapat ang butas-butang upang masuportahan ang paglaki ng halaman habang pinoprotektahan ang nasa ilalim na lupa mula sa pagguho. Ang mga materyales na ito ay mabubulok kalaunan. Ang burlap at jute

ay tumatagal nang halos isang taon. Ang hibla ng niyog ay karaniwang tumatagal nang ilang taon. Ang mga materyales na ito ay ibinibigay bilang mga nakarolyong piraso. Igulong ito nang maayos nang hindi iniuunat ang materyales sa direksyon ng daloy ng tubig, at ikabit sa lupa gamit ang mga staple o tulos na hugis-U ayon sa mga rekomendasyon ng mga tagagawa.

4. Hydroseed:

Kabilang dito ang paglalagay ng pinaghalong tubig, buto, mulch, at binder sa mga lugar na may dalisdis. **Ang hydroseed ay dapat gamitin lamang sa mga dalisdis na may matarik na mas mababa sa 50% (1 talampakan patayo sa bawat 2 talampakan pahalang), at sa mga lugar na higit sa ½ acre.** Para sa mga lugar na wala pang ½ acre (150 talampakan X 150 talampakan), ang **dry seeding** (paglalagay ng buto gamit ang kamay o gamit ang belly grinder) ay maaaring gamitin. Siguraduhing ang lugar na pagtatamnan ay may matibay na punlaan. Pagaspangin ang punlaan sa pamamagitan ng pagkamot nito hanggang sa lalim na 2 hanggang 4 na pulgada. Ang halo ng mga binhi ay dapat na binubuo ng mga halamang may malalim na ugat at mababa ang pangangailangan sa tubig. Kailangan ding hindi mapanalakay ang mga halaman at pinapayagan ng mga lokal na pamantayan sa sunog (*pahina 43*).


5. Mga Terasa:

Ginagamit para sa mga dalisdis na may tarik na higit sa 50% (1 talampakang patayo sa bawat 2 talampakang pahalang). Dahil sa mga potensyal na epekto sa mga umiiral na pattern ng paagusan at katatagan ng tarik, **ang paggawa ng terasa ay maaaring mangailangan ng pag-apruba ng mga ahensya ng gobyerno. Bago simulan ang anumang trabaho, makipag-ugnayan sa iyong lokal na opisyal ng gusali** (ang lokal na Tanggapan ng Gusali at Kaligtasan ng County para sa mga hindi nakasalang lugar).

3. PAGPAPALAKAS SA LUPA UPANG MALABANAN ANG EROSYON

